# Backyard piggeries, poultries bawal na sa QC

Balita · 15 Dec 2019 · 4 · Jun Fabon

Inihayag ng Quezon City Government na ipagbabawal na mula sa 2020 ang backyard piggeries at poultries sa lahat ng mga barangay sa pamamagitan ng ordinansa ayon kay City Veterinarian Dr. Ana Marie Cabel.

Una rito, iniulat ni Quezon City Mayor Joy Belmonte na ang local government ay nalaman ang African Swine Fever (ASF) virus na walang positibong blood tests mula Nobyembre 13 at walang namatay sa ASF sa nakalipas na 30 araw.

Aniya, resulta ng samasamang pagkilos sa paglaban sa ASF habang nariyan pa ang hamon na matiyak na hindi na mauulit pa.

Tiniyak ng pamahalaang lungsod na sa kabila ng mahabang buwan na disinfection process ay patuloy at makokumpleto ito sa taong ito.

Napag–alaman na ang Quezon City government ay nakapagbigay ng pinansiyal na tulong sa halagang P16.9 milyon sa mga backyard hog raisers na apektado ng ASF.

Iniulat pa nasa 5,824 mga baboy ang pinatay sa unang insidente ng ASF nang maglutangan ang mga ito sa Barangay Silangan.

Sa direktiba ng alkalde, nagbigay ang local government ng P3,000 cash assistance sa bawat boluntaryong pagsuko ng baboy na pinapatay mismo sa backyard hog raisers sa infected areas.

Nakipagpulong na sa mga barangay si Dr. Cabel at nilinaw na ang isinulong na ordinansa at malayo pa ang kapaskuhan ay pinahihintulutan ang backyard raisers na magbenta o magtapon ng baboy.